

Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang 3

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagagawa sa kakayahan, pamaraan, at kasipan ng mga mag-aaral na nakasaad sa mga pamantayang ipinatutupad ng California.

Ang mga marka para sa bawat panahon ng pag-ulat ay nagsasaad ng pagsulong ng mag-aaral tungo sa inaasahan.

Ang Magagawa sa English Language Arts

Pagbasa:

Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (mga tauhan, lugar, pangyayari, paksa), balangkas ng salaysay (mga kuwento, drama, tula), wikang panitikan (wikang literal at nonliteral), at kakayahan ng maykatha (piniling mga salita, pananaw) upang pag-isipan, pag-usapan, at isulat ang kahulugan ng mga talata batay sa mga katibayan.
- Reads a range of complex texts independently and proficiently including fables, folktales, and myths from diverse cultures.

Talatang Nagbibigay-Kaalaman

- Gumagamit ng mga katangian ng talatang nagbibigay-kaalaman (mapa, mga larawan), naghahanap ng mga kasangkapan (mga salita, sidebars, hyperlink), balangkas ng talata (naghahambing, dahilan/ibinunga, pagkakasunod), gawa ng maykatha (piniling mga salita, pananaw) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa kahulugan ng mga talata batay sa mga katibayan.
- Bumabasa ng mahabang magusot na mga talata ng sarili at buong husay kabilang ang including history/social studies, science, digital, at mga talatang teknikal.

Pagsulat: Pirapirasong Kaisipan, Talatang Nagbibigay-alam/Nagpapaliwanag, at mga Salaysay

- Sumusulat ng maayos at mahusay na mga talata na karapatdapat sa gawain, layunin, at tagapakinig.
- Bumubuo at nagpapalakas ng pagsulat sa pamamagitan ng pagpapalano/pagsaliksik, pagbabago, pag-aayos, at paglathala.

Pagsalita at Pakikinig

- Naghahanda para at sumasali sa mga pinagtutulungang pag-uusap upang mapalawak at mabigyang kahulugan ang mga talata, kaisipan, at kaalaman sa maraming pangyayari at maraming pagsasamahan.
- Gumagamit ng mahusay na mga salita at nararapat sa pag-ulat sa mga talata, kaisipan, paksa, at karanasan.

Wika

- Gumagamit ng nararapat sa baitang na balarilang Standard English (karaniwan at di-karaniwang mga pandiwa at pangngalan; simple, tambalan at magusot na mga pangungusap), mga pamantayan (malalaking titik, pagtuldok pagbaybay), at pinag-aaralang wika upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita.
- Kinikilala ang kahulugan ng hindi kilala at maraming kahulugan ng mga salita sa paggamit ng maraming pamaraan (nilalaman, panlapi, salitang-ugat).

Pinagbabatayang Kakayahan

- Gumagamit ng mabuti at mahusay na mga kakayahan sa pagsusuri ng salita (unlapi, hulapi, mga salitang maraming pagpantig, hindi karaniwang pagbaybay ng mga salita) upang bumasa ng talata sa antas na baitang nang tama at buong husay.

Pinagbabatayang Kakayahan -Spanish

Gumagamit ng mabuti at mahusay na mga kakayahan sa pagsusuri ng salita (nakikilala ang cognates, di-karaniwang nababaybay na mga salita, mga salitang panlalaki/pambabae na sumusunod sa mga karaniwang tuntunin; el mapa, el problema) upang bumasa ng talata sa antas na baitang nang tama at buong husay. Kumikilala at gumagamit ng accent batay sa mga pantig na binibigyang diin (aguda, grave, esdrújula).

Ang Magagawa sa Mathematics

Pagsasagawa at Kaisipang Algebra

- Binibigyang kahulugan ang mga kinalalabasan ng numerong buo.
- Binibigyang kahulugan ang mga whole-number quotients.
- Gumagamit ng multiplication at division sa bilang na 100 sa paglutas ng mga salitang problema sa mga kalagayang magkaparehong grupo.
- Kinikilala ang mga unknown whole number sa multiplication o division equation na nagpapatunay na ang pangungusap ay tama.
- Gumagamit sa mga pag-aari ng operations na mga pamaraan sa pag-multiply at divide.
- Nauunawaan ang division bilang hindi nakikilalang factor problem.
- Mahusay na nagmu-multiply at nagdi-divide sa bilang 100.
- Lumulutas ng dalawang-hakbang na word problems sa paggamit ng 4 operations.
- Kinikilala ang mga arithmetic patterns sa addition o multiplication tables.

Número at Pagsasagawa Batay sa Bilang na Sampu

- Gumagamit ng pag-unawa sa halaga ng lugar sa round whole numbers sa pinakamalapit na 10 o 100.
- Mahusay na magdagdag at magbawas sa loob ng bilang 1000 sa paggamit ng mga pamaraan batay sa halaga ng lugar.
- Nagmu-multiply ng one-digit whole numbers sa mga multiples ng 10 sa loob ng 10 – 90.

Número at Pagsasagawa – Fractions

- Nauunawaan ang isang fraction a/b bilang bahaging nabuo ng kabahaging laking $1/b$.
- Nauunawaan ang fraction bilang isang numero sa number line; kumakatawan sa parehong $1/b$ at a/b sa number line.
- Ipinaliliwanag ang magkaparehong fractions sa mga kalagayang espesyal at inihahambing ang mga fractions sa pangangatuwiran ng kanilang laki.

Sukat at Datos

- Lumulutas ng mga problema kinapapalooban ng sukat at pinag-iisipang oras, dami ng tubig, at laki ng mga bagay.

- Binibigyang kinatawan at kahulugan ang datos.
- Nauunawaan ang kaisipang lawak at iniuugnay ang lawak sa multiplication at addition.
- Kinikilala ang perimeter bilang katangian ng plane figures at kinikilala ang kaibhan ng linear at area measures.

Geometry

- Nauunawaan na ang mga hugis ng makakaibang kategoria ay maaaring magbigay katangian.
- Pinaghahati ang mga hugis sa mga bahaging magkakaparehong lawak na nagpapahayag ng lawak sa baw't parte bilang isang unit fraction.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics

1. Bumubuo ng kaisipang problema at sinisikap lutasin ang mga ito.
2. Pinag-iisipan at mahusay na nangangatuwiran.
3. Gumagawa ng makatuwirang pagtatalunan at binabatikos ang katuwiran ng kapuwa.
4. Bumubuo ng huwaran sa mathematics.
5. Gumagamit ng nararapat na kasangkapan sa tamang pamaraan.
6. Nakikinig sa tama.
7. Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Naghahanap at nagpapahayag ng karaniwang inuulit na pangangatuwiran.

Ang Magagawa sa History/Social Science

- Gumagamit ng nangangatuwiran at makasaysayang pag-iisip sa pagbuo ng kuro-kurong nag-uunawa sa mga kaisipang social science.
- Nagpapamalas ng pang-unawa sa Kasaysayan ng San Diego sa pamamagitan ng paggamit ng mapa, tables, graphs, mga larawan, at tsart sa pag-ayos ng mga kaalaman tungkol sa mga tao, lugar, at kapaligiran.
- Nagpapamalas ng pang-unawa sa karaniwang balangkas ng bayan, estado, at pambansang pamahalaan.

Ang Magagawa sa Agham (Science)**Physical Sciences**

- Alam na ang enerhiya at matter ay may maraming hugis at maaaring magbago mula sa isang hugis sa iba.
- Alam na ang liwanag ay galing sa isang pinanggagalingan at gumagalaw sa isang direksiyon.

Life Sciences

- Alam na ang mga katangian ng isang bagay na buhay ay maaaring magkaroon ng mas mabuting pagkakataong mabuhay at maipasa ang mga katangiang ito sa kaniyang mga anak.

Earth Sciences

- Naglalarawan at nagsasabi ng karaniwang galaw ng Araw, Buwan, at mga Bituin.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Science and Engineering (na nabanghay sa Next Generation Science Standards) sa baw't antas na baitang:

1. Nagtatanong (sa agham) at nagbibigay kahulugan sa mga problema (sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng mga modelo.
3. Bumabalangkas at nagsasagawa ng pagsisiyasat.
4. Sumusuri at nagbibigay-kahulugan ng datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at nagko-compute.
6. Gumagawa ng pagpapaliwanag (sa agham) at bumabanghay ng mga kalutasan (sa engineering).
7. Sumasali sa pagtatalo mula sa katibayan.
8. Nagkakaroon, tumatasa, at nakikipag-ugnayan ng kalamán.

Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts**Sayaw, Tugtog, Teatro, Mga Sining sa Paningin**

- Sayaw: Lumilikha, nagsasaulo at nagpapamalas ng magkakasanod na paggalaw.
- Tugtog: Umaawit, naglalaro, bumabasa: musika, himig, harmony, timbre, at rhythmic pattern.
- Teatro: Nagpapamalas ng Sino-Ano-Saan- Kailan –Bakit sa pamamagitan ng paglagay ng mga artista.
- Mga Sining sa Paningin: Lumilikha ng ilusiyon sa hinagap, kumikilala ng mga hugis ng sining.

Ang Magagawa sa Physical Education**Paggalaw at mga Huwaran**

- Nagpapamalas ng maraming magkakaibang kakayahan sa pagkilos at inilalapat itong mga kakayahan sa mga karaniwan, mga kalagayang pang-palakasan
- Lumilikha at nagpapamalas ng maayos na magkakasanod na paggalaw na nagtataglay ng maraming kakayahang pagkilos at paggalaw.

Physical Fitness

- Nagtataglay at nagpapatibay ng mga kalamnan at kakayahan nang matagal sa lakas.
- Kinikilala ang mangyayari sa pangangatawan sa mga ginagawa, ang tamang pamaraan sa pag-unat at mga pangunahing kalamnan ng katawan.

Ang Magagawa sa Kalusugan

- Paglinang ng karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng pansariling tungkulin sa panghabangbuhay na kalusugan; paggalang sa at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; ang pang-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; ibinigay na kaalaman ng paggamit sa mga kaalaman, produkto at paglilingkod na may kaugnayan sa kalusugan.

Para sa English Learners: English Language Development (ELD)

- Ang mga English learners ay umaasam na bumuti ang karunungan sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English baw't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.

- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa overall English language proficiency *sa katapusan ng kasalukuyang taon*, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.

DRAFT